# PROLOGUE

*"Magandang umaga, aking anghel," tila may bumulong sa tainga ni Ivy nang buksan niya ang pinto ng kanyang silid.*

*"Luis!" tawag niya. Luminga siya ngunit hindi niya ito makita. "Luis, nasaan ka?"*

*"Kailangan ko siyang mahanap," sabi ng boses nito.*

*"Sino'ng hinahanap mo at nasaan ka?"*

Nagising si Ivy sa panaginip na iyon na hindi nasasagot ang kanyang katanungan.

She was in her room at *Dreams Café*.

Four months ago ay binuksan nilang magkakaibigan—siya, Lexie, Issa at Mylie—ang specialty coffee shop na iyon. Bawat isa sa kanila ay may sariling career na iniwan dahil nagsawa na sila—si Ivy ay corporate strategist; si Issa ay vice president for operations sa kompanyang pag-aari ng mga magulang; si Lexie bilang commercial model; at si Mylie ay chef ng isang five-star hotel.

It had been the right decision. Masaya silang apat dahil ngayon ay may kakayahan na silang gawin ang gusto nilang gawin. Plus they get a freebie: a second home in the New Manila residence na ginawa nilang café. May mga araw na roon sila natutulog dahil napapasarap ng kuwentuhan tulad nang nakaraang gabi.

She was still bothered by her dreams though. Ilang buwan na niyang hindi nakikita si Luis at kahit na nami-miss niya ito ay nagdadasal siyang sana ang ibig sabihin niyon ay nakatagpo na ito ng katahimikan.

Malaki ang naging bahagi nito sa buhay niya.

Luis was the resident ghost of *Dreams Café*. Bago pa sila lumipat ay alam na ni Ivy ang existence nito—isang kaluluwa na nangangailangan ng tulong niya.

She had forgotten that she had the power to see spirits as a little girl when she had a car accident na siyang ikinamatay ng kanyang ina. Pero nagbalik iyon nang magpakitang muli sa kanya si Luis.

Nang kalaunan ay nalaman niya na ang babaeng dahilan ng hindi pag-alis ng kaluluwa ni Luis sa lugar na iyon ay kanyang great-grandmother at ang lola

ng kanyang ama, si Cecilia. Lumayo ito kay Luis na siyang naging dahilan ng masidhing kalungkutan ng multo noong ito ay nabubuhay pa.

Kahit na nakapag-asawa si Luis ng iba—si Victoria na isa ring kaibigan ni Cecilia—ay nanatili itong nakakapit sa alaala ng babaeng unang inibig. Hinayaan nitong makalayo ang naging asawa kasama ang kanilang anak hanggang sa ito ay mamatay nang nag-iisa dahil sa isang sakit.

Nagising ito na isang palaboy na kaluluwa sa ancestral house na iyon sa New Manila kung saan nito nakilala si Cecilia. At si Ivy ang tanging nakakakita rito.

Inakala nitong isa siyang anghel na tutulong dito. Pero sa huli ay mas malaki pa ang naitulong sa kanya ni Luis. Sa kanya at kay Jeffrey.

She smiled at the thought of her boyfriend and how she had grown to love him. Jeffrey, the man who seemed to have the power to chase her nightmares away.

Ibinalik niya ang sarili sa pag-iisip sa multo. Hindi nga kaya tapos na ang 'unfinished business' nito kung kaya hindi niya ito nakikita?

Hindi kaya ang kailangan lang nitong malaman ay nabuhay nang maayos ang pinakamamahal nitong si Cecilia matapos silang maghiwalay?

"Ivy," narinig niya ang pagtawag mula sa kanyang likuran. Sigurado siya sa kanyang narinig at sigurado siyang hindi siya nanaginip.

Humarap siya rito at muli niyang nakita ang espiritung naging kaibigan na rin niya. Nakangisi ito at naisip niyang kung nabuhay silang magkakaibigan sa panahon nito, malamang may crush silang apat dito. He had a grin that could charm a nun.

"Luis! Narito ka?"

Tila nagtaka ito sa sinabi niya. A frown registered in his handsome ghostly face. "Hindi naman ako nawala," sabi nito.

# 1

"Oh, my God!"

Halos sabay-sabay na napabulalas ang tatlong kaibigan ni Mylie nang ipakita niya ang suot niyang singsing. It was a diamond ring set in platinum.

"Yes! We're getting married!" tumitiling anunsyo niya.

Sabay-sabay ring naglapitan sa kanya sina Ivy, Lexie at Issa. Niyakap siya ng mga ito. At sa loob ng ilang minuto, apat na babae ang magkakadikit habang tumatalon at nagtitili sa gitna ng isang coffee shop na sila rin ang may-ari.

Sarado na ang café at ilang tauhan na lang nila ang naroon at nagliligpit.

"I'm so happy for you!" Unang kumalas si Ivy sa group hug.

"Ako rin," susog ni Lexie.

Sa kanilang apat ay sila lang ni Ivy ang may boyfriends. However, Ivy and Jeff opted for a longer engagement. Hindi ganoon ang plano nila ni Russel.

Mahigit isang taon na silang mag-boyfriend at handa na silang dalawa sa ganitong klase ng commitment. Handa na rin silang magkapamilya.

“Kailan ang kasal?” tanong ni Issa.

“Gusto ni Russel, soon. We’re thinking December.”

“Tatlong buwan na lang iyon,” sabi ni Ivy.

“Yeah. Kaya nga I guess I will be very, very busy. Kayo ang abay ko.”

“Siyempre naman,” tugon ng kanyang mga kaibigan.

Humarap siya kay Ivy. “And, Ivy, sana ikaw ang maid of honor.”

Alam ni Mylie na hindi magseselos ang dalawa pang kaibigan na ito ang napili niyang gawing maid of honor. Si Ivy kasi ang nagsali sa kanya sa kanilang barkada dahil mahiyain siya dati. Their friendship made her bloom into a perky and spunky person that she was.

Malalim din ang dahilan kung bakit niya napili si Ivy bilang chief attendant niya sa nalalapit na kasal. Nang bumalik siya mula sa States, she was an emotional mess. She was devastated. Si Ivy ang

tumulong sa kanya para makabangon ulit.

Nakita niyang namuo ang luha sa mga mata ng kaibigan sa kanyang sinabi. “Of course, Mylie. Oh, my God! I am just so happy for you,” excited na saad nito.

Muli silang nagyakapan.

Mylie was really happy. Siya na yata ang pinakamasuwerteng tao sa buong mundo.

Nang iwan niya ang high-paying job bilang chef sa isang five-star hotel, sumugal siya nang malaki para lang maging sarili niyang boss. And the gamble paid off.

Sa loob ng tatlong buwang operations ng *Dreams Café*, patuloy na gumaganda ang kanilang bottomlines. Hindi sila makapaniwala sa bilis ng pagdami ng kanilang regular customers. She had the most wonderful best friends in the world for business partners. At magpapakasal siya sa isang taong higit niyang nirerespeto, her boyfriend—si Russel Eugenio.

Russel was the young resident manager of the five-star hotel where she used to work as chef. Doon sila nagkakilala. He was the perfect gentleman. He was kind, intelligent, responsible and good-looking.

Wala na siyang mahihiling pang iba.

Nang nagdaang gabi ay niyaya siya nito sa isang candlelight dinner at pagkatapos ng dessert ay iniabot nito sa kanya ang isang maliit na kahon na naglalaman ng singsing.

*"Will you marry me?" sabi nito.*

*It was a bit predictable but she wasn't going to complain.*

*"Yes," sagot niya rito.*

Isinuot nito sa kanya ang singsing at sinimulan nilang pag-usapan ang kasal.

"MISS MYLIE, may naghahanap sa iyo sa labas," tawag sa kanya ng isa nilang service crew.

"Okay. Five minutes," tugon niya.

Naghugas siya ng kamay, tinanggal ang apron at ang kanyang hairnet. Ipinilig niya ang ulo para i-loosen ang lagpas sa balikat niyang buhok na naipit niyon.

Lagpas alas seis na ng gabi kaya maraming tao sa café nang lumabas siya. Luminga siya sandali. "Melai, sino'ng...?"

Nakahanda na ang kanyang ngiti nang lumabas mula sa kusina, ngunit kaagad nawala iyon nang makita niya kung sino ang naghahanap sa kanya.

Ito lang ang nakikita niya sa dami ng tao roon—parang sa isang pelikula na nag-blur ang lahat ng nasa paligid at isang image lang ang natirang naka-sharp focus.

Nakatayo ito sa gitna ng *Dreams Café*, isang blond-haired hunk of a man, nakatitig sa kanya ang asul na mga mata, nakangiti ang mapupulang labi.

“Lance,” pabulong na sabi niya pero parang dumagundong ang pangalan sa kanyang tainga.

“Hi, Mylie,” he said with the cool casuality that she remembered too well.

Humakbang palapit sa kanya si Lance Stewart at walang sabi-sabing niyakap siya.

Hindi siya makahinga. Hindi iyon dahil sa higpit ng yakap nito bagaman mahigpit talaga ang pagkakayakap sa kanya ng lalaki. Mas hindi siya makahinga dahil sa sobrang lakas ng tibok ng puso niya. At niyakap din niya ito dahil parang doon nakadepende ang buhay niya.

How could she have forgotten how good it felt

to be in his arms? Dahan-dahan siyang kumawala rito nang maka-recover at dahil pinagtitinginan na sila ng mga tao.

"Ano'ng ginagawa mo rito, Lance?"

"Puwede ba tayong umupo muna?" sabi nito sa matatas na Tagalog na may bahid ng American twang.

Nag-init ang kanyang mukha. Nakalimutan na niya pati manners niya. "I'm sorry. Halika, puno na rito sa ibaba. Doon tayo sa itaas."

Nagpasalamat si Mylie na hindi pa nadidiskubre ng mga kaibigan ang pagdating ng hindi niya inaasahang bisita. Wala rin siyang nadaanan pag-akyat nila sa hagdanan.

Dinala niya si Lance sa Painter's Nook dahil tahimik doon at walang tao liban sa isang teenager na may hawak na sketchpad. Ni hindi ito tumingin sa kanila. Nakapasak sa magkabilang tainga nito ang earphones ng *iPod*. Tumitipa pa ito sa kung anumang musikang nanggagaling doon.

She was glad when they finally sat down. Hindi na kasi niya mapigil ang panginginig ng tuhod niya.

"Bakit ka narito?" ulit niya sa tanong kanina.

"Kumusta ka na? You look good, Mylie," sa halip ay tugon nito.

"Okay naman ako, Lance. At saka hindi mo sinasagot ang tanong ko."

"I heard you are getting married."

"Ah." Ang bilis talagang nakarating dito ng balita, considering na sa San Francisco pa ito galing. Wala pang isang linggo mula noong official engagement nila ni Russel. "Paano mo nalaman?"

"Internet," simpleng sagot nito.

Tumaas ang kilay niya. "Internet, huh?"

"Yeah. I've been following your blog. Kaya alam ko rin ang tungkol dito sa *Dreams Café*. Congratulations nga pala. This place looks fantastic. And the online reviews are great."

Napansin niyang para sa *Dreams Café* lang ang congratulations nito. "Hindi mo ba ako babatiin sa pagpapakasal ko?"

Hindi siya conscious na derechong pananagalog na ginagamit niya kapag kausap si Lance. Siguro ay dala pa ng nakasanayan noong magkasama sila at lagi siyang kinukulit na magsalita sa Filipino.

Sandali itong tumahimik, waring pinag-iisipang mabuti ang sunod na sasabihin, parang gusto siyang lunurin sa asul nitong mga mata sa pagkakatingin sa kanya.

"Ang pagpapakasal mo ang isa sa dahilan kung bakit ako pumunta rito."

Dinaan ng dalaga sa pagbibiro ang discomfort na nararamdaman. "Talaga? Gusto mong dumalo sa kasal ko? Sana naman, Lance, hinintay mo muna ang invitation. Masyado kang maaga."

Hindi ito natawa sa joke niya. Ngumiti lamang ito. "Hindi ka pa puwedeng pakasal, Mylie."

Kung ito naman ang nagbibiro, siya ay hindi natatawa. "Bakit mo nasabi iyon?"

"Because you are still married to me."

# 2

"What?" Nanlalaki ang mga mata ni Issa nang sabihin niya sa mga ito ang nangyari sa pag-uusap nila ni Lance.

Tumango si Mylie. "Apparently, I am still Mrs. Lance Stewart."

"Pero akala ko nag-divorce na kayo bago ka pa umuwi ng Pilipinas?" singit ni Ivy.

"Akala ko rin, eh. I signed all the papers na pinapirmahan sa akin ng lawyers ni Lolo bago pa kami magpakasal—the prenuptial agreement, the undated divorce papers, everything. Pero apparently, ni hindi na-file ang mga papers na iyon. Ang weird."

Nagsalita si Lexie na kanina pa nakikinig lamang sa usapan. "Mylie, pasensya ka na pero malabo kasi sa akin ang istorya n'yo ni Lance, eh. Nasa Europe tour kami ni Mommy nang umalis ka at nang bumalik ka naman, we were also somewhere else. Hindi ko maalala ang details."

Siya naman ay walang hindi naalala sa mga detalye. She remembered…

It was five years ago. She was barely twenty-one then. Kahahatid lang nila kay Lexie sa airport nang matanggap niya ang tawag ng kanyang ina na noon ay kapupunta rin lamang sa Canada.

*"Mylie..." Bahaw ang boses nito. Parang umiiyak o kaya naman ay galing sa pag-iyak.*

*Kinabahan siya. "Yes, Mom."*

*"Mylie, it's your Lolo Miguel."*

*"Mom, ano'ng nangyari kay Lolo?" May panic sa boses niya.*

*"Kakatawag lang sa akin ng Tita April mo. Na-diagnose si Dad na mayroon siyang colon cancer. Stage four na raw, anak."*

Huminto siya sa paglalakad. No! Not her Lolo Miguel! Two years ago lamang ito nagpunta sa America dahil sumunod sa bunso nitong anak para roon na manirahan.

Nang nasa Pilipinas pa ito ay sila ang magkasama sa bahay dahil parehong nagtatrabaho sa abroad ang mommy at Tita April niya. Close silang maglolo. Maagang namatay ang daddy niya at halos ito na ang tumayong ama niya. Ito ang uma-attend ng PTA meetings, nanood sa kanya sa field demo at *Santa*

*Claus* niya kapag Pasko.

Siya ang paboritong apo, joke ng pamilya. Siya pa lang kasi ang nag-iisang apo.

Lungkot na lungkot siya sa desisyong sumunod ang matanda sa US, pero nasasabik na rito ang sariling anak at nakiusap sa ama na pumunta na roon. It broke her heart when he left. And it was breaking her heart to know that he was sick.

*"Mom, gusto kong makita si Lolo," umiiyak na pakiusap niya sa ina.*

Pinayagan siya nito pero nahirapan silang makakuha ng visa. Hindi magagamit ang pagkakasakit ng lolo niya dahil hindi naman siya anak. Alanganin daw ang kanyang edad sabi ng mga nakausap nilang embassy staff at ilang kaibigan kung tourist siya. Iyon daw ang edad ng mga nagti-TNT kaya mas mahirap ma-approve. Dagdag pa roon na katatapos pa lang niya ng college at kasisimula pa lang niya sa trabaho at wala siyang sariling mga properties kung kaya sa paningin ng embassy ay walang hahatak sa kanya para bumalik ng Pilipinas.

They were desperate. Kahit pa sa modernong medisina ay maliit pa rin ang chance na ma-survive ng kanyang lolo ang sakit. The cancer was simply too

advance. Alam nila na kaunti na lang ang kanilang panahon.

Noon nag-alok ng tulong ang isang Lance Stewart. Nakilala ito ng kanyang lolo dahil ito ang head ng construction ng isang gusali sa tabi ng building na tinitrahan nito. Una ay nagkakuwentuhan lang ang mga ito sa isang diner. Sa kalaunan ay naging magkaibigan kahit na malaki ang agwat sa mga eded palibhasa'y may dugong Pinoy si Lance. Pilipina ang ina nito.

Ang inalok nitong tulong ay ang pinakamadaling paraan para makapunta nang legal si Mylie sa Amerika: magpapakasal silang dalawa. Uso ang divorce sa bansang iyon, paliwanag sa kanya, kung kaya pareho silang hindi matatali sa relasyon.

Pumayag siya dahil iyon lang ang paraan para makasama niya si Lolo Miguel.

Nakarating siya sa Amerika bilang isang fiancée ng isang citizen na kunwari ay nakilala niya noong dumalaw ito sa Pilipinas at naging ka-sulatan sa mahabang panahon. Dahil binabantayan ng immigration ang may ganoong estado, they really had to get married. And that was how she became Mrs. Lance Stewart.

Iyon ang technical na kuwento kung paano siya naging asawa ni Lance. Hindi kasali roon ang kuwento kung paano natapos iyon na parang ginutay ang kanyang puso at inakala niyang hindi na siya kailanman makaka-recover emotionally sa kanilang paghihiwalay…

FIVE YEARS AGO…

"I am Lance," pagpapakilala sa kanya ng binata nang salubungin siya nito sa airport. Ito ang unang taong nakilala niya pagdating niya sa paliparan ng San Francisco, California.

Bago iyon ay naipadala na sa kanya ang mga pictures ng lalaki upang makita niya kung ano ang hitsura nito, pero hindi pa rin niya inaasahan ang nakita nang personal.

He was bigger for one. Dapat in-expect niya iyon. After all, he was in the construction business at alam niyang nagsimula ito bilang ordinaryong construction worker at ngayon ay nagsisimula pa lamang magsarili bilang maliit na contractor. Sa tangkad na 5'4" ay hindi na siya maliit sa Pilipinas. Ngunit kapag katabi si Lance, mukha siyang petite. He was practically a twenty-four-year old giant

beside her.

"Hi, Lance. My name is Mylie," aniya na nakangiting iniabot ang kamay rito para makIpagkamay.

Imbis na tanggapin iyon ay niyakap siya nito. "Welcome to America, Mylie Atienza. Maraming ikinuwento sa akin ang lolo mo tungkol sa iyo."

Noon niya unang narinig ang derechong pananagalog nito na ikinagulat niya dahil sa hitsura nitong hindi naman mukhang marunong managalog. Hindi siya natakot kay Lance noong una nilang pagkikita kahit pa napakalaking tao nito dahil mabait ang mga mata nito.

His eyes were dark blue and he regarded the world as if he always found something amusing.

Nagpakasal sila sa isang maliit na Protestant chapel na malapit sa tirahan ng kanyang lolo. Mas komplikado sa Catholic Church dahil hindi iyon nagre-recognize ng divorce at mahihirapan sila sa church annulment. Maliit lang din ang kanilang entourage at kakaunti ang mga bisita.

"You may kiss the bride," sabi ng pastor.

Pareho silang tila nabigla sa bahaging iyon ng

seremonya. May tanong sa mga mata ni Lance, may amusement din. Tumango siya nang marahan tanda ng pagpayag. Weird kung hindi nila gagawin, isip niya.

Masuyo nitong hinawakan ang kanyang pisngi at marahan siyang hinalikan. It had been the most real thing in that farce of a wedding ceremony.

Sa kasal na iyon ay ibinigay ni Lance sa kanya ang kinakailangan niyang green card para makapanatili sa Amerika. Ang hindi pa niya alam nang sandaling iyon, ang ibinigay naman niyang kapalit ng halik na iyon ay ang buong puso niya.

SANDALI LANG ang wedding reception. Nang matapos iyon ay umuwi na sila sa bahay ni Lance. Walking distance iyon mula sa tirahan ng lolo niya.

"This is your room," sabi ng asawa.

Binuksan nito ang silid. Hindi kalakihan pero mukhang siya mismo ang nag-decorate dahil parang siya na rin ang namili ng lahat ng bagay na naroon.

"Nagkonsulta ako kay Lolo Miguel ng kung anong mga bagay na nagugustuhan mo," paliwanag nito, sa Tagalog na may American twang which she

found really charming. “A friend helped me fix this up.”

“This is very nice. Thank you so much, Lance.”

Natuwa siya sa thoughtfulness nito. Hindi naman talaga nito kailangang gawin iyon para sa kanya dahil sila pa nga ang nanghingi ng pabor dito.

“You’re welcome. And, Mylie, mas maganda siguro kung kakausapin mo ako ng Tagalog kasi para may practice naman ako.”

“Sure… sige,” tugon niya.

“Great! Halika, ipapakita ko sa iyo ang room ko at saka iyong buong bahay.”

“Silid,” sabi niya.

“Huh?”

“Room is silid or kuwarto.”

“I knew that. Nakalimutan ko lang,” natatawang sabi nito. “Ginang Stewart, halika na sa silid ko.”

Malaki ang silid ni Lance. Nasa sentro ang isang king-size bed at sa isang sulok naman ay naroon ang tila work area nito. May drafting table, ilang kagamitan sa paggawa ng building plans at mga libro.

"I'm taking some classes in Engineering," paliwanag nito nang mapansin kung saan siya nakatingin. "Ilang subjects na lang at makakakuha na ako ng college degree."

"Ang galing," sabi niya. Nakalimutan niyang iba ang kasanayan sa Pilipinas. Doon ay obligasyon ng magulang na patapusin ng college ang mga anak. Sa Amerika nga pala ay maaari nang bumitiw ang mga ito sa suporta matapos ang high school. Hindi kasorpre-sorpresang pinapaaral ni Lance ang sarili.

"Lance, nasaan nga pala ng mga magulang mo?"

Hindi niya in-expect na dumating ang mga iyon sa 'peke' nilang kasal, pero gusto niya lang malaman ang ilang mga bagay tungkol dito.

"Wala na ang mommy ko. Namatay siya sa aksidente dalawang taon na ang nakaraan."

"I'm sorry."

Nagkibit-balikat ang asawa. Tumalikod na ito sa kanya kaya hindi na niya nakita ang ekspresyon sa mukha nito.

"Ang daddy mo?"

Humarap ito sa kanya. At sa unang pagkakataon ay wala ang kinasanayan na niyang ngiti sa mga

mata nito. “Mylie, I really don’t like talking about my family,” anito.

“I’m sorry.” Natagpuan niya ang sariling nag-a-apologize dito sa pangalawang pagkakataon.

Iniba nito ang usapan imbis na i-acknowledge ang paghingi niya ng paumanhin. “May bathroom dito. Iyong kuwarto mo, wala, kaya iyong nasa hallway na lang ang gagamitin mo. Mas malaki ang banyo dito kaya puwede mo ring gamitin kung gusto mo.”

Binuksan din nito ang pinto ng banyo para ipakita sa kanya ang loob. There was a bathtub inside and a separate shower cubicle. May napansin siyang isang robe sa loob na hindi mukhang panlalaki, mukhang ginamit na dahil nakasabit sa hook katabi ng isa pang used towel.

Hindi na niya itinanong ang tungkol sa pangbabaeng bathrobe, pero nalaman niya rin kung sino ang may-ari niyon habang nag-aagahan sila nang sumunod na araw.

Naglalagay siya ng butter sa isang pirasong tinapay. Wala pang isang linggo ang pananatili niya sa Amerika ay nami-miss na niya ang regular na pagkain ng kanin.

"Mylie, may boyfriend ka bang naiwan sa Philippines?" tanong ni Lance.

Umiling siya habang nagkakagat sa toasted bread. Isang taon nang wala siyang kasintahan, mula noong mag-break sila ng college boyfriend niya.

"No boyfriend," tugon niya. "Ikaw?"

"Uhm... yeah. Her name is Claire."

Sheesh! Bakit hindi niya naisip na may posibilidad na may karelasyon ito? She remembered the bathrobe in his bathroom.

"Filipina rin siya. Nurse siya sa Pilipinas pero nagtatrabaho siya ngayon bilang caregiver sa isang retirement home rito."

"I see. Alam ba niya ang tungkol sa...." Ni hindi niya alam kung ano ang itatawag sa ginawa nila.

Naintindihan nito ang ibig niyang itanong. "Oo. Kakilala niya rin si Lolo Miguel at nauunawaan niya kung bakit kailangan ito."

Pinilit niyang ngumiti. "Mabuti naman pumayag siya."

Bumalik ang ngiti sa mukha nito. "Mabait si Claire. Makikilala mo siya mamaya. I hope you won't mind if she comes here every now and then."

*Great!* isip niya. *Threesome.*

“Not at all,” tugon niya. As if naman may karapatan siyang tumanggi. “Lance, huwag mong isipin na may kailangan kang baguhin sa buhay mo dahil sa akin. Hindi ko na nga alam kung paano magpapasalamat sa lahat ng ginawa mo para sa akin—sa amin ni Lolo.”

“Huwag mong isipin iyon. Masaya akong ginagawa ko ito para sa inyo.”

NAKILALA NIYA si Claire nang araw ring iyon.

Hindi aakalain ninuman na isa itong caregiver. Mas matanda pa ito nang kaunti kay Lance. Moderna, fashionista at tila liberated na liberated na ang babae kahit na ilang taon pa lamang itong nagtatrabaho sa San Francisco.

The only thing that gave away her nurturing personality was her smile. It was so genuine and sincere.

Humalik ito sa kanya na para bang long-time friends sila. “Hi. Ikaw pala si Mylie. I’ve seen your pictures. Uhm... Lance kinda showed them to me, I hope you don’t mind. You’re so much prettier in

person."

"No. It's fine," she assured her. "And thank you," pag-acknowledge niya sa compliment nito.

"Sorry, I missed your wedding party. Naka-duty ako, eh."

"Okay lang, Claire," sabi niya.

Kung hindi lang siya nagseselos dahil nakahilig ito sa balikat ni Lance baka natawa siya sa usapang iyon. The girlfriend was apologizing to the wife of her boyfriend for missing their wedding party. Ang labo.

Kahit pa sabihing nagseselos siya dahil ito ang tunay na girlfriend ng lalaking pinakasalan niya, hindi niya maiwasang magustuhan din si Claire. Makuwento ito tungkol sa naging buhay at karanasan sa Amerika noong bagong dating pa lamang. Tinuturuan siya nito kung paano ang handling sa lolo niya bilang cancer patient. They actually became friends.

At sila ni Lance... naging close din sila. After all, they lived in the same house. Doon siya nakatira dahil the immigration felt it necessary to check on cases like hers every now and then. At makukuwestyon ang legalidad niya kung hindi siya nakatira sa iisang

bahay kasama ng kanyang asawa. Nasanay rin sila na mamuhay nang magkasama.

# 3

"Hey, ano'ng niluluto mo?" Nadatnan siya ni Lance sa kusina. Naisipan niyang ipagluto ito ng Pinoy food noong araw na iyon.

Tinikman niya ang nakasalang na putahe bago sumagot, "Adobo at saka pancit." Tinakluban niya ang kaserola at bumalik sa kitchen counter.

"Smells good," bati nito.

Lumapit ito sa kanya at pinanood siya sa ginagawa. Nakahalumbaba ito sa counter kung saan niya hinihiwa ang gulay na ilalagay niya sa pancit.

"Nagluluto nang ganyan dati si Mom," sabi nito.

Napatingin siya rito. Noon lang ito nagkusang magkuwento tungkol sa namatay na ina.

"Kasama ng pagtuturo niya sa akin ng Tagalog ang pagpapatikim ng mga pagkaing Pilipino. Para raw di ko makalimutan na kahit Amerikano na kami, Pilipino pa rin kami sa puso. Lalo na ako kasi hindi na talaga ako mukhang Pinoy."

Mylie had to agree. Kahit nga magkasama na sila sa bahay, minsan ay nagugulat pa rin siya sa

Pinoy vocabulary nito. Mas malalim pang Tagalog ang ginagamit kaysa sa kanya gayong kung titingnan ay Amerikanong-Amerikano ang hitsura nito with his blonde wavy hair, fair skin and blue eyes.

"Magugustuhan ko siguro ang mommy mo," sabi niya.

"Oo. At sigurado akong magugustuhan ka rin niya," saad nito habang nakatitig pa rin sa kanya. "Too bad, maaga siyang nawala." Umunat ito, waring natapos na ang sandaling kaya nitong ibukas ang sarili. "Magbibihis lang ako," anito.

Iniwan siya nito habang nakasunod ang tingin niya rito.

May lyrics ng kanta sa utak niya: *If I could reach you some way, if I knew the magic it would take...*

Ganoon ang totoong pakiramdam niya tuwing kasama niya si Lance. He was there, present. Pero hindi niya mahawakan pisikal man o emosyonal. Not physically dahil alam niyang hindi siya ang totoong nagmamay-ari rito. At hindi rin emotionally dahil sa reluctance nitong ibahagi ang sarili sa kanya.

Kung siya ang nangangailangan ay hindi naman ito madamot sa pagbibigay ng emotional support. Tulad na lang noong unang beses na nakita niya ang

epekto ng chemotherapy sa kanyang abuelo....

Her Lolo Miguel had been retching and moaning in pain for hours and torturous hours. Naroon siya para samahan ito, para bantayan kung ano ang pangangailangan. Hindi siya natulog, habang minamatyagan ang halos hindi na niya makilalang matanda.

Pangalawang chemo na nito at halos kalbo na ang buhok at napakapayat nito. Ibang-iba ang hitsura ng lolo niya, malayong-malayo sa matikas na mamang umalis ng Pilipinas noon.

He got violent in his pains. Nang tinutulungan niya ito mula sa isa na namang masamang pagsusuka ay sinigawan siya nito at isinalya palayo.

Si Lance ang tumulong sa kanya, kinumbinsi siya nitong iwan muna sa private nurse ang kanyang lolo at inalalayan siya palabas ng silid nito.

Nang makalabas ng silid ay napaiyak siya. Ito ang yumakap sa kanya at umalo sa kanyang pag-iyak sa sitwasyong nahihirapan siyang intindihin.

“Hey, your lolo loves you. Alam mo naman iyon, hindi ba?”

Tumango si Mylie, naglalandas ang walang-tigil

na luha sa kanyang magkabilang pisngi.

"Ayaw niya lang siguro na nakikita mo siya sa ganitong kalagayan."

"Gusto ko lang namang maramdaman niya na narito ako para sa kanya," hikbi niya.

"Mylie, you are here for him. Malayo ang pinuntahan mo at sigurado akong marami kang sacrifices para makarating dito." Pinahid nito ang luha niya at inayos ang kanyang buhok. "Come on, kailangan mong mas maging strong para kay Lolo Miguel. Hihina lalo ang loob niya kapag nakita kang ganyan."

Alam niyang tama ang sinasabi nito. Pero kada tatlong linggo ay may chemo ang lolo niya at sa loob ng apat na araw matapos iyon ay hindi siya makadalaw. She can't help but be depressed during those times. Si Lance ang nagpapatahan at umaamo sa kanya. Ipapasyal siya nito, iti-treat sa sine o dinner o kaya naman ay lilibangin sa loob ng bahay.

Kapag maayos na ang pakiramdan ng lolo niya ay saka lamang siya ipinatatawag nito. Uupo siya sa tabi nito at pakikinggan ang mga nais nitong sabihin.

"Napapagod na ako, Mylie," sabi nito sa kanya minsang dumalaw siya.

Pinigilan niya ang mapaiyak. Naalala niya ang sinabi ni Lance na kailangan niyang maging matatag. “I know, Lolo, pero lalaban pa tayo, hindi ba?”

Tumango ang matanda. “Dahil gusto pa kitang makasama nang matagal-tagal. Na-miss kita, Milagros.” Ginamit nito ang buo niyang pangalan na siya ring pangalan ng yumao nitong asawa.

Hinawakan niya ang kamay nito. Parang balat na lamang na nakalaylay sa buto ang braso nito. Idinikit niya ang palad nito sa kanyang pisngi. “Na-miss rin kita, Lolo. Kapag gumaling ka, puwede bang umuwi na tayo sa Pilipinas?”

Ngumiti ito at tinapik nang marahan ang kanyang kamay. “Kumusta na ba ang buhay mo rito, Milagros?”

“Mabuti po. Pero alam mo naman pong ayaw ko sa ibang bansa. Maka-Pilipinas ako masyado.”

Hinaplos nito ang kamay niya. “Oo nga. Ikaw ang aking makabayang apo. Kumusta na kayong mag-asawa? Mabuti ba ang pakikitungo ni Lance sa iyo?”

“Opo, Lolo. Mabait po siya at hindi niya ako pinapabayaan.”

Tumango-tango ito. "Kaya naman ipinagkatiwala kita sa kanya. Napansin mo rin bang magandang lalaki iyang si Lance? Magaling pumili ang iyong lolo, ano?" Natawa pa ito nang bahagya sa sariling pagbibiro. pagkuwan ay muli itong sumeryoso. "Kung magkakatuluyan ang inyong pagsasama, magiging maligayang-maligaya ako."

"Lolo!"

Tumawa ulit ito nang mahina. "Bakit naman hindi?"

"Lolo, kasi mayroon siyang totoong girlfriend. Hindi kami nagmamahalan; dito ang buhay niya at ako ay sa Pilipinas."

Pagkasabi niyon ay may narinig siyang tunog sa kanyang likuran. Inabutan pa niya ang pagsarado ng pinto at ang bahagi ng kasuotan ng taong lumabas. She recognized the color of his shirt.

"Lance?" tawag niya pero nakasarado na ang pinto at hindi na siya narinig ng tinawag. Ibinalik niya ang tingin sa abuelo. "Lolo, alam mo bang nasa likuran ko si Lance?"

Ngumiti lamang ito. "Kanina pa mula nang magsimula tayong mag-usap."

HINDI BINANGGIT sa kanya ni Lance ang tungkol sa narinig nitong usapan, pero napansin niyang malimit itong nakatingin sa kanya na para bang pinag-aaralan kung ano ang iniisip niya.

Kapag nahuhuli ito ni Mylie ay ngingitian lang siya nito o kaya naman ay magbibiro para libangin siya.

Marami ang mga iniisip niya kung alam lang nito. On one hand, there was the matter of their fake wedding. On the other hand, there was the matter of his girl, Claire. And then there was the matter of her friendship with Claire.

Pero mas mahirap hindi tuluyang mahulog ang kalooban sa isang tulad ni Lance Stewart.

Sobrang bait nito sa kanya. Sobrang maaalahanin. At dahil bukod sa Tita April at lolo niya, ito lang ang kakilala niya roon sa Amerika, natuto siyang umasa rito sa napakaraming bagay at aspeto ng naging buhay niya roon.

Siguro ay nararamdaman niya na may nagsisimulang attraction sa pagitan nilang dalawa—physical lang muna.

Nararamdaman niya minsan kapag aksidenteng nahawakan siya nito, kapag kaswal lang na umakbay

ito sa kanya, kapag biglang nagkasalubong ang kanilang mga mata at pareho silang iiwas at magpapanggap na walang napansing kakaiba.

Naramdaman niya ang lahat ng iyon, pero iniwasan niyang bigyan iyon ng masyadong pansin o kahulugan.

Isang gabi ay nakatulog siya sa sofa habang nanonood ng TV. Nagising siya sa marahang paghawi ng buhok na nakatabing sa kanyang mukha.

Liwanag lang mula sa kusina at ng telebisyon ang umiilaw sa mukha nito, pero bahagyang naamoy niya ang samyo ng alcohol dito.

"Lance?" pabulong na sabi niya.

"I'm sorry. May impromptu party in the project site. Hinihintay mo ba ako?"

"Lasing ka ba?"

"Huh?"

Hindi yata alam ang ibig sabihin ng lasing. "Are you drunk?"

"Konti lang," tugon nito.

"May gusto ka ba? Ang ibig kong sabihin, gusto mo bang gawan kita ng kape or something?"

Lumapit ito lalo sa kanya at hinawakan ang kanyang pisngi. “Something.”

“Lance,” sita niya.

Ngumisi ito. “Okay. Kape na lang. Black.”

“Sandali lang, igagawa kita.”

Pumunta siya sa kusina para magsalang ng kape sa coffeemaker. Hindi umiinom si Lance ng instant coffee. Nagkasundo sila roon.

Hindi niya inaasahan ang biglang tanong nito. “Mylie, don’t you like me?”

Tumigil ang kamay niya sa button na magpapaandar ng coffeemaker. “Of course I do.” She pushed the on button.

“I meant, not just like me but like me like this?” Lumapit ito sa kanya at inilagay ang isang kamay sa kanyang likod. Marahan siya nitong hinatak papalapit dito. Halos dibdib lamang nito ang nasa tapat ng kanyang mukha. He touched the tip of her jaw and lifted her face up to him.

“Do you like me like this?” He lowered his lips so that it was almost touching hers.

“Lance,” mahinang tawag niya sa pangalan nito.

Sa marahang pagbuka ng bibig niya ay tuluyang naglapat ang kanilang mga labi.

She closed her eyes, unable to resist the silken feel of the touch of his tongue as he slowly traced the outline of her mouth, the light nibbling of his teeth on her lower lip and the deepening caress of his lips against hers. She kissed him back.

Parang kay gaan lang niya nang buhatin siya nito. He helped her so that her legs were wrapped securely around his waist, his mouth never leaving hers. Nakapulupot ang kanyang mga braso sa leeg nito.

Dinala siya nito sa silid, at marahang ibinaba sa naghihintay na kama.

"Mylie, I like you like this," he whispered hoarsely in her ear as he trailed kisses from her nape down to her neck.

Gusto niya rin si Lance. Wala siyang mas gusto kaysa maramdaman kung paano mahalin nito. She wanted him, thirst for him, desired him like she had never wanted or desired anyone before. Pero hindi sana ganito. Hindi dahil lasing ito at wala sa tamang huwisyo. Hindi sa isang gabi lamang na maaaring pagsisihan nila pareho kinabukasan.

"Lance, stop."

Alam niyang mahina ang pagkakasabi niya pero kaagad itong huminto.

He lifted his body from her. Umupo ito sa gilid ng kama. "I'm sorry," sabi nito. "I didn't know what came over me."

Hindi siya nito hinintay magsalita. Hindi ito tumingin sa kanya. Tumayo ito at lumabas ng silid. Hindi siya kaagad gumalaw. Maging siya ay nagulat sa naramdaman kanina.

Mylie took sometime to compose herself. Nang lumabas siya ng silid at nagpunta sa kusina ay nadatnan niya ang asawa na nagsasalin ng kape. Isinuklay nito ang isang kamay sa buhok at saka ininom ang likidong nasa mug.

Tumayo siya sa harapan nito. Hindi niya alam ang kanyang sasabihin. Pinanood niya sa pag-inom ang lalaki at naghintay na ito ang maunang magsalita.

Ibinaba ni Lance ang mug at saka tumingin sa kanya. Anyong may sasabihin ito pero biglang tumunog ang telepono. Sinagot nito iyon.

Habang nakikipag-usap ay tiningnan siya nito.

Sinaklot ng takot ang dibdib niya sa nakita sa mga mata nito. Pagkababa ng telepono ay lumapit ito sa kanya.

“Mylie, please get dressed. Kailangan nating pumunta sa hospital. Si Lolo Miguel...”

Nag-taxi sila patungong ospital dahil hindi puwedeng mag-drive si Lance. Wala pang fifteen minutes mula nang matanggap nila ang tawag ay naroon na silang dalawa pero hindi na sila umabot. Dead on arrival ang lolo niya. He died of heart failure, komplikasyon ng chemotherapy.

Wala halos silang silbi ng Tita April niya dahil sa pagdadalamhati. Si Lance ang nag-ayos ng lahat mula sa burol hanggang sa cremation ng lolo niya. Abo na lang ang nakatakdang ibalik niya sa Pilipinas.

Hindi siya iniwan ng asawa nang mga panahong iyon. Ito ang tanging kinapitan niya.

Hindi rin siya kaagad makauwi ng Pilipinas dahil sa kondisyon ng kanyang pagdating doon. Kailangan niyang makakompleto ng isang taon sa bansang iyon kung ayaw niyang ma-blacklist ng immigration.

Si Lance din ang nag-suggest sa kanya na kumuha ng Culinary Arts para may magawa siya

habang naghihintay ng oras para makauwi.

*"Palagay ko may natural talent ka sa pagluluto," sabi nito. "I am crazy for your cooking."*

Hotel and Restaurant Management ang kurso niya sa kolehiyo pero hindi niya naisipang maging chef as a career. Nang iminungkahi ng asawa ay saka lamang niya iyon naisip.

Bakit nga ba hindi? Ginawa niya ang suhestyon nito at pagkatapos ng anim na buwan ay nakuha niya ang kanyang certificate.

They celebrated with a home party na siya ang naghanda ng lahat ng pagkaing inihain nila sa kanilang mga bisita.

Naroon si Claire pero napansin niyang tahimik ito.

"Hi," bati niya rito nang magkatabi silang dalawa.

Ngumiti ito sa kanya. "This is great cooking, Chef Mylie," sabi nito. "Congratulations."

"Thank you. Tahimik ka yata?" puna niya. "At saka parang matagal ka nang hindi dumaraan dito sa bahay."

"Hindi mo ba alam?" anito na nagtatakang nakatingin sa kanya.

"Alin?"

"Hay naku! Of course, hindi niya sinabi sa iyo." Umiling ito. "Si Lance talaga, napakahirap pigaan ng personal na bagay. Well, we're no longer together; matagal na."

Nagulat siya. "Talaga?"

"Yeah. Bago pa namatay ang lolo mo, wala na kami."

"What happened?"

Ngumiti ito sa kanya. "Hay, Mylie, hindi yata ako dapat ang nagkukuwento sa iyo. But don't worry about me, I'm okay. May bago na akong love. Alam mo namang mabenta ang kagandahan ko sa mga puti. Kaya lang ako tahimik kasi hinihintay kong dumating siya para maipakilala ko sa inyo pero mukhang hindi aabot. Lance and I are just friends now at sa pagkakaalam ko lagi siyang maagang umuuwi ng bahay nitong mga nakaraang araw. Bakit kaya?"

Makahulugan ang tingin nito sa kanya. Hindi niya napigilan ang pag-iinit ng kanyang pisngi.